
4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan- Modyul 3
## Kapuwa Ko, Bukal sa Puso Ang Pagtulong Ko!



GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Edukasyon sa Pagpapakatao– Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan –Modyul 3: Kapuwa Ko, Bukal sa Puso Ang Pagtulong Ko!**
**Unang Edisyon, 2019**

**Isinasaad ng Batas Republika 8293, seksiyon 176**na "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names* tatak o *trademarks*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon.Pinagtibay ng isang kasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS), Inc. na ang FILCOLS ang kakatawan sa paghiling ng kaukulang pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit dito. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang – aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim:
Pangalawang Kalihim:

**Mga Bumuo ng ADM Modyul**

| | |
|---|---|
| **Mga Manunulat:** | Josephine Bruselas-Mien, Agnes Dejuras-Nocos, Lea B. Perez, Jessica Abanto-Pura |
| **Konsultant:** | Mary Jean B. Brizuela, Sheila C. Bulawan, Dollie G. Franche, Irene F. Yazon |
| **Tagaguhit:** | Jed T. Adra |
| **Naglayout:** | Jeffrey B. Sape, John Claude R. Caunca, Israel C. Adrigado |
| **Mga Tagapamahala:** | Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao, Grace U. Rabelas, Lailanie R. Lorico, Jily I. Roces, Merlita B. Camu |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Contact: 0917-178-1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan- Modyul 3
## Kapuwa Ko, Bukal sa Puso Ang Pagtulong Ko!

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Likas sa ating mga Pilipino ang pagiging bukas-palad o pagkamatulungin nang walang inaasahan o hinihintay na kapalit sa mga taong higit na nangangailangan. Kaya mahalaga na ang mga katangiang ito ay patuloy na pairalin ng mga Pilipino lalong lalo na ng mga kabataan para sa magandang kinabukasan.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahan na:
-naisasabuhay ang pagiging bukas-palad sa mga nangangailangan; at pagiging matulungin sa panahon ng kalamidad

## *Subukin*

Sa maikling pagsusulit na ito malalaman mo kung ano ang kaalaman mo sa aralin ngayon. Gawin muna ito sa iyong kuwaderno. Lagyan ng markang tsek **(/)** kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng pagtulong o pagtugon sa pangangailangan ng iyong kapuwa at ekis **(x)** kung hindi.

______1. Pinatuloy ni Josefa sa kanilang malaking bahay ang pamilya ng kaniyang kaibigan noong nakaraang bagyong Ulysses.

______2. Namigay ng mga delata, bigas at tubig ang mga opisyal ng barangay isang araw matapos ang bagyo.

______3. Hindi pinansin ni Roden ang matanda na galing sa malayong lugar na humihingi ng maiinom na tubig .

______4. Nag-abot ng tulong pinansyal sa mga taga –Albay ang gobernador ng Naga City sa mga nasalanta ng bagyong Tisoy.

______5. Hindi pinansin ni Aling Nita ang pagkatok ng kanilang kapitbahay noong kasagsagan ng bagyong Ulysses.

______6. Tumanggi si Adora na ibigay sa mga nasalanta ng bagyo ang kaniyang mga lumang damit.

______7. Hindi alintana ng isang samahan ng mga mag-aaral ang init, pagod at gutom, maihatid lamang ang kanilang tulong sa mga biktima ng sunog.

______8. Buong pusong pinatuloy ni Gng. Reyes sa kanilang bahay ang pamilya ng kaniyang kaibigan nang biglang bumaha sa kanilang barangay noong nakaraang taon.

______9. Bawat mag-aaral ay nagbigay ng tulong sa mga nasalanta ng *landslide* at pagbaha sa Tiwi Albay noong nakaraang Nobyembre, 2020

______10. Ibinahagi ni Joy ang kalahati ng baon niyang tinapay sa kaniyang kaklase dahil wala itong baon.

Bakit mo nasabi na tama ang mga sagot mo? Ano ang iyong mga naging batayan?

# Aralin 1 — Kapuwa Ko, Bukal sa Puso Ang Pagtulong Ko!

Hindi perpekto ang buhay. Kung titingin ka saiyong paligid, marami sa ating kapuwa ang nangangailangan. Ang pagtugon sa pangangailangang ito ang magdudulot ng kaibahan sa buhay ng taong nangangailangan.

Ikaw paano ka tumutugon sa nakikita mong pangangailangan ng iba?

Makatutulong ang modyul na ito upang maunawaan mo ang kahalagahan ng pagtugon sa pangangailangan ng iyong kapuwa lalo na sa oras ng kanilang kagipitan.

## *Balikan*

Napag-aralan mo sa nakaraang modyul ang tungkol sa pagdamay at pag-unawa sa kalagayan at pangangailangan ng iyong kapuwa. Batid at ramdam mo ang kahalagahan nito. Natutuhan mo rin kung paano ka maaaring makatulong sa mga taong nangangailangan hindi lamang sa mga materyal na bagay kundi pati na rin sa usaping pang-damdamin. Ngayon, tayahin mo ang iyong sariling kaalaman tungkol sa pag-unawa sa pangangailangan ng kapuwa.

Lagyan ng puso ( ) ang bilang kung nagpapahayag ng pang-unawa sa kapuwa, bilog ( ) naman kung hindi. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

_______1. May puso ako para gamitin sa pagmamahal sa kapuwa sa oras ng kaniyang kalungkutan.

_______2. Higit sa lahat ang pagtulong sa kapuwa ay dapat ugaliin.

_______3. Hindi ko pinapakialaman ang problema ng iba.

_______4. Ganun talaga ang buhay, minsan masaya minsan naman malungkot.

_______5. Tahan na, hayaan mo darating din yun. Halika, maglaro muna tayo.

## *Tuklasin*

Basahin mabuti ang seleksyon at sagutin ang mga tanong sa ibaba.

**Sina Matt at Sherilyn, Ang mga Batang Matulungin**

*Isinulat ni Agnes D. Nocos*

Habang naglalakad pauwi mula sa paaralan ang magkaibigang Matt at Sherilyn, bigla nilang naalala ang isa pa nilang kaklase na si Maria.

Matt: Sherilyn, paano ba natin matutulungan sina Maria at ang kapatid niya? Ilang linggo na rin kasi silang hindi pumapasok sa paaralan.

Sherilyn: Oo nga Matt. Kawawa naman sila. Maraming leksiyon na ang hindi nila natutuhan dahil maraming araw na silang liban sa klase.

Matt: Halika, kausapin natin si Gng. Reyes para isangguni ang sitwasyon nina Maria.

Sherilyn: Magandang umaga po Gng. Reyes! Maaari po ba namin kayong makausap tungkol kay Maria?

Gng. Reyes: Magandang umaga din sa inyo mga bata! Tungkol kay Maria? Galing ako sa kanila kahapon pero hindi ko naabutan ang kaniyang mga magulang

kaya babalik ako sa kanila bukas.

Sherilyn: Maaari po ba kaming sumama sainyo sa pagbisita kay Maria?

Gng. Reyes: Sige samahan ninyo ako bukas. Pupunta tayo sa kanilang bahay.

Matt: Sige po Gng. Reyes, sasamahan po namin kayo ni Sherilyn sa pagpunta kina Maria.

Kinabukasan pagkatapos ng klase,pumunta sina Gng. Reyes, Matt at Sherilyn sa bahay nina Maria. Naabutan nilang naglalaba ang nanay ni Maria at nagbubungkal naman ng lupa ang tatay nito sa kanilang bakuran.

Gng. Reyes: Magandang umaga po! Ako po ang guro ni Maria. Nais ko lang po siyang kumustahin at alamin na rin po kung bakit napapadalas ang kaniyang pagliban sa klase nitong mga nakaraang araw.

Gng. Perla: Magandang umaga din po Gng. Reyes. Pasensiya na po kung palaging liban sa klase ang anak ko. Madalas po kasi na kahit almusal ay wala siyang makain. Minsan nga kahit pananghalian wala rin. Wala kasing trabaho ang tatay niya at yung kinikita ko sa paglalaba ay ibinibili ko muna ng gamot ng kaniyang bunsong kapatid kaya nawawalan na ng pambili ng pagkain.

Gng. Reyes: Papasukin niyo na po sina Maria bukas at sa mga darating pang mga araw. Isasama ko po sila sa *feeding program* ng paaralan. Dalawang beses po nagpapakain sa mga bata ang programa. Sa ganoong paraan ay maiiwasan na nila ang palagiang pagliban sa klase at makakakain pa sila kahit papaano.Tutulungan ko rin po kayo na maipalista at maisali ang dalawa niyong anak sa 4 P's na programa ng ating gobyerno.

Gng. Perla: Sige po Ma'am papapasukin ko na po sila simula bukas. Maraming salamat po sa tulong ninyo. Pati na din sa inyong dalawa, Matt at Sherilyn. Salamat sa pagiging matulungin ninyo.

Matt: Wala pong anuman Gng. Perla, sige po. Magkikita-kita na lamang po kami nina Maria sa paaralan bukas.

Umuwing may ngiti sa mga labi ang magkaibigang Matt at Sherilyn pati na rin ang kanilang guro na si Gng. Reyes. Batid nila na may nagawa silang pagtulong sa araw na iyon.

Gng. Reyes: Binabati ko kayong dalawa. Napakabait at napaka-matulungin ninyo. Masaya ako para sa inyo. Sana dumami pa ang mga batang katulad ninyo.

Matt at Sherilyn: Walang anuman po Gng. Reyes. Salamat din po at isinama niyo po kami sa pagpunta kina Maria.

Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

___1. Ano ang dahilan kung bakit lumiban ng ilang araw sa klase si Maria?
- A. Nagbakasyon siya sa Maynila
- B. Nag-aalaga ng maysakit na kapatid
- C. Tumulong sa tatay sa pagtatanim sa bakuran
- D. Walang makain dahil nawalan ng trabaho ang ama at maysakit ang kapatid

___2. Ano ang pansamantalang ikinabubuhay ng pamilya ni Maria?
- A. Pagtatanim
- B. Pagtitinda ng kakanin
- C. Paglalabada sa kapitbahay
- D. Pagtitinda ng isda sa palengke

___3. Ano ang hakbang na ginawa ni Gng. Reyes para makapasok na araw-araw sa kaniyang kaklase si Maria?

A. Pinataya niya sa *lotto* ang tatay ni Maria

B. Binigyan niya ng pera ang nanay ni Maria

C. Pinayuhan niya ang nanay na mangutang muna

D. Ipinaalam ni Gng. Reyes na isasali niya sina Maria at kapatid nito sa *feeding program* ng paaralan

___4. Tama ba ang hakbang na ginawa ni Gng. Reyes? Bakit?

A. Hindi ako sigurado

B. Mali, dahil ipahihiya niya lang ang pamily ni Maria.

C. Mali, dahil wala namang mabuting idudulot ang kaniyang pagtulong.

D. Tama, dahil maiiwasan na ng magkapatid ang madalas na pagliban sa klase

___5. Sa paanong paraan nakatulong sina Matt at Sherilyn sa kalagayan ni Maria?


A. Idinulog nila sa kanilang guro ang kalagayan nina Maria at walang pag-aatubiling tinugunan naman ito ng kanilang butihing guro

B. Inilapit nina Sherilyn ang kalagayan nina Maria sa isang *foreigner* na nagbabakasyon sa kanilang bayan.


C. Isinangguni nina Sherilyn ang kalagayan ng pamilya ni Maria sa DSWD.

D. Humanap sila ng magiging sponsor nina Maria sa internet.

## ***Suriin***



nakakuyom na palad



nakabukas na palad

Ang nakakuyom na palad ay posisyon ng kamay o palad na walang pagnanais na magbigay. Taliwas ito ng kamay o palad na nakabukas dahil ito ay nasa posisyon upang magbigay. Kaya't ang pagbibigay o ang pagiging matulungin ay tinatawag na pagiging bukas-palad.

Hindi lahat ng tao ay may kakayahang tugunan ang sarili nilang pangangailangan. Dahil dito, sila ay itinuturing o tinatawag na mga *nangangailangan*. May pagkakataon din na ang mga nangangailangan ay biktima ng mga kalamidad o kaya'y trahedya, tulad ng bagyo, lindol, pagbaha, sunog at iba pa.

Sila ay pansamantalang walang kakayahan na tugunan ang kanilang pangangailangan dahil sa kanilang kinakaharap na sitwasyon. Nangangailangan sila ng tulong o pagkalinga mula sa mga taong may kakayahan upang magbigay nito. Kailangan nila ng kapuwa na magmamalasakit at bukas-palad na tumulong upang muli silang makabangon sa buhay.

Maraming paraan kung paano mo maisasabuhay ang pagiging bukas-palad, ang pagiging mapagbigay o matulungin.

Ang pagiging mapagbigay ay nangangahulugang paggamit ng ating oras, pera, talento at iba pang mga yaman na ibinibigay ng Diyos upang tayo ay makatulong sa ibang tao.

Bagama't ikaw ay bata pa kaya mong isabuhay ang pagiging bukas-palad. Sa iyong simpleng pamamaraan at kakayahang taglay maaari kang makatulong sa mga nangangailangan.

Balikan mo ang larawan/ilustrasyon sa unahan nito. Tandaan na ang palad o kamay na nakabukas ay siya ring kamay o palad na nakatatanggap

## *Pagyamanin*

Upang lubos na yumabong ang iyong pag-unawa sa pagiging bukas- palad at pagtulong sa mga nangangailangan, subukan mo ang mga ito:

**A.** Basahing mabuti ang mga sitwasyon at sulat ang titik sa patlang sa kaliwa ng bilang na umaayon sa iyon saloobin. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

___1. Paano mo matutulungan ang isang tinderang nakita mong kinukupitan ng mga paninda ng isang bata?
- A. Isumbong sa tindera
- B. Samahan siya sa pangungupit
- C. Sumigaw ng "magnanakaw!" para mapahiya
- D. Kausapin siya na ibalik ang kaniyang kinupit at sabihang mali ang kaniyang ginawa.

___2. Paano ka dapat tumulong sa mga nangangailangan?
- A. kusang-loob
- B. may pag-aalinlangan
- C. magpabayad sa ginawang pagtulong
- D. humingi ng iba pang pabor sa ginawang pagtulong

___3. Ano ang gagawin mo sa natirang pera sa iyong baon?
- A. Ibibili ko ng laruan.
- B. Itataya ko sa peryahan.
- C. Ibibili ko ng paborito kong tsokolate.
- D. Iipunin ko at ibibili ng mga laruan at pagkain na ibibigay ko sa mga batang lansangan.

___4. May *outreach program* sa inyong barangay para sa mga nasunugan. Alin sa mga sumusunod na tulong ang maaari mong ibigay?
- A. kosmetiko
- B. telebisyon
- C. sulatang papel
- D. pagkain at damit

___5. Nakita mong mabigat ang bitbit na basket ni Aling Nena mula sa palengke, paano mo ba siya matutulungan?
- A. Hayaan siyang mag-isa

B. Magkunwaring walang nakita
C. Tumawag ng kakilala at ipabitbit ang basket
D. Lapitan siya at tulungang bitbitin ang mabigat na basket

Nasiyahan ka ba sa mga sagot mo? Naragdagan ba ang pag-unawa mo tungkol sa pagiging bukas-palad at pagtulong sa mga nangangailangan?

B. Isulat sa loob ng puso ng batang si Maria ang bilang ng mga pahayag na nasa loob ng kahon sa ibaba na nagpapakita ng pagiging bukas-palad sa kapuwa.



**Puso ni Maria**

1. Isinasara ang pinto ng bahay sa tuwing may nagka-*caroling.*
2. Namimigay ng pamasko sa mga bata tuwing araw ng Pasko.
3. Tumutulong sa pagsagip ng mga biktima ng baha at *landslide.*
4. Ibinabahagi ang biyayang natanggap sa mga taong nangangailangan.
5. Lumalayo sa mga taong kapus-palad.
6. Tumatanggi kapag may batang humihingi ng pagkain.

7. Ipinagdarasal ang kapuwang mahihirap na makaahon sa kahirapan.
8. Lumalahok sa pagbalot ng mga *relief goods* para sa mga biktima ng lindol.
9. Nagbibigay ng kaunting halaga sa pamilyang namatayan.
10 Sumasali sa pag-iingay sa barangay para mabigyan ng tulong pinansiyal.

## Isaisip


Subukan mong isaisip ang konsepto ng aralin. Ngayon, punan ng angkop na salita ang mga patlang para mabuo ang talata.

| | | |
|---|---|---|
| mapagbigay | bukas-palad | Masaya |
| bukal sa kalooban | kapuwa | |

_____________ sa pakiramdam ang makatulong ng bukal sa kalooban sa ating ___________. Ang pagiging ______________ ay nangangahulugan ng pagiging ______________. Ang pagtulong sa kapuwa kapag _______________ay may dobleng biyaya na matatanggap mula sa Diyos.

## Isagawa

A. Malamang lumawak na ang pagkaunawa mo sa pagiging bukas-palad at pagiging matulungin sa panahon ng kalamidad. Mula sa iyong naging karanasan, ano na ang naibahagi mo saiyong kapuwa na naging biktima ng kalamidad? Isulat sa kahon ang mga bagay na iyong nagawa o naibigay.




**KAHON NG KABUTIHANG LOOB**

B. Batay sa nakikita mong pangangailangan ng iyong kapuwa sa panahong ito, pumili ng isang tao na kaya mong tulungan at kaya mong tugunan ang pangangailangan sa simple mong pamamaraan. Sino ang taong ito? Ano ang tulong na iyong gagawin para sa kaniya? Paano mo ito gagawin? Isulat ang mga ito sa kahon na nakalaan.

____________________________________

(Taong nais tulungan)




Bakit ang mga bagay na iyan ang iyong napili? Ano ang naramdaman mo habang nagsusulat ka sa kahon ng mga bagay na iyong gagawin?

## *Tayahin*

Upang mas lalong lumawak ang pag-unawa mo sa konsepto ng pagiging bukas-palad, gawin mo uli ito. Iguhit ang iyong saloobin () kung nagpapakita ng pagiging bukas palad at () kung hindi.

______1. Karagdagang basura lang sa kanilang bahay ang mga pinaglumaang gamit kaya kaniya na itong ipinamigay

______2. Bukal sa kaniyang kalooban ang pagbibigay ng tubig at pagkain sa mga nasalanta ng bagyong Rolly.

______3. Nakikigaya lang si Mando sa namimigay na *relief goods* sa kanilang baranggay

______4. Napilitan lamang si John na magbigay ng donasyon sa mga biktima ng baha sa kabilang baranggay

______5. Hindi alintana ni Mario ang malakas na hangin at ulan dala ng bagyo masundo niya lang ang bagong lipat nilang kapitbahay para patuluyin ang mga ito pansamantala sa kanilang bahay

______6. Patuloy na ipanalangin ang mga nasalanta ng kalamidad

______7. Piliin lamang ang mga tutulungan biktima ng kalamidad.

______8. Tanging pinaglumaang damit lamang ang ibahaging donasyon.

______9. Magboluntaryo sa pag-repack ng mga *relief goods* sa DSWD *Center.*

______ 10. Tumulong lamang kung may *media coverage* sa inyong lokalidad.

## *Karagdagang Gawain*

Gumawa ng isang poster na makahihikayat sa ibang batang tulad mo na tumulong sa proyekto sa inyong lugar upang matulungan ang mga nasalanta ng baha.

Rubrik sa Pagbuo ng Poster


| Mga batayan | 5 | 4 | 3 |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Ang mensahe ay naipakita ng napakahusay. | Naipakita ang mensahe ng mahusay. | Walang malinaw na mensaheng naipakita. |
| Pagkamalikhain | Gumamit ng angkop na kombinasyon ng kulay upang paipahayag ang nilalaman, konsepto at mensahe. | Hindi gaanong gumamit ng tamang kumbinasyon ng kulay upang maipahayag ang nilalaman, konsepto at mensahe. | Hindi gumamit ng tamang kumbinasyon ng kulay upang maipahayag ang nilalaman, konsepto at mensahe. |
| Kalinisan | Malinis na malinis ang pagkakabuo. | Hindi gaanong malinis ang pagkakabuo. | Marumi ang pagkakabuo. |

# Susi sa Pagwawasto

***Subukin***

| | |
|---|---|
| A. √ | 6. × |
| B. √ | 7. √ |
| C. × | 8. √ |
| D. √ | 9. √ |
| E. × | 10.√ |

***Balikan***




**Tuklasin**

1. D
2. C
3. D
4. D
5. A

***Pagyamanin***

**Gawain 1**

1. D
2. A
3. D
4. D
5. D


**Gawain 2 – PUSO NI MARIA**




***Isaisip***

**Masaya** sa pakiramdam ang makatulong ng bukal sa kalooban sa ating **kapuwa**. Ang pagiging **bukas palad** ay nangangahulugan ng pagiging **mapagbigay**. Ang pagtulong sa kapuwa kapag **bukal sa kalooban** ay may dobleng biyaya na matatanggap mula sa Diyos.


***Isagawa* – KAHON NG KABUTIHANG LOOB**



Maaaring iba iba ang sagot ng mga mag-aaral




*Tulong na gagawin*



*Paano gagawin ang pagtulong*

Depende sa mag-aaral ang sagot




## ***Karagdagang Gawain***

Gagawing batayan ng guro ang Rubrik sa pagbibigay ng marka para sa ginawang poster ng mga bata.

Binabati kita sa iyong pagkatuto sa kung paano mo ipapakita ang pagiging bukas-palad sa iyong kapuwa. Maganda na maisabuhay mo ito ng buong puso.

Iyong pakatandaan na ang pagbibigay ng walang hinihintay na kapalit ay pagbabahagi ng biyaya mula sa Maykapal.

Ngayon, handang –handa ka na para sa susunod na modyul.

## *Sanggunian*

K to 12 Edukasyon sa Pagpapakatao Gabay Pangkurikulum, Mayo 2016

Edukasyon sa Pagpapakatao 4, Kagamitan ng Mag-aaral 2015

https://www.google.com/search?q=halimbawa+ng+kuwento+tungkol+sa+pagbabahagi+ng+karanasan

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph